

Public education
Discover a world of opportunities

PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

MAHALAGA ANG PAGSULAT AT PAGBAYBAY!

Ang pagsasalita at pakikinig ay mga basehan ng pagsulat, pagbaybay at pagbasa. Sa “pre-primary” ipinagpapatuloy ang iyong anak ang kanilang paglalakbay sa pagkakatuto at habang lumalakas ang pagtitiwala sa kanyang sarili, at nagsisimulang maging mas marunong sa mga salita at pagsulat.

Ano ng aking magagawa?

- Palaging magbasa na kasama ng iyong anak. Magkasama kayong humanap ng mga salita at libro at isama siya kapag kayo ay sumusulat.
- Habang kayo ay magkasamang nagbabasa, pag-usapan ang tungkol sa mga salitang binabasa niyo. Halimbawa, mga salitang magka-ritmo gaya ng “cat” at “bat”, at pag-usapan niyo ang tungkol sa mga tunog na ginagawa sa simula ng mga salita. Kapag ang iyong anak ay maginhawa, pag-usapan ang mga tunog sa dulo ng salita.
- Hikayatin ang iyong anak na tulungan kayong sumulat ng mga maiikling mensahe, email at listahan ng bibilhin. Maghanda kayo ng papel at mga lapis upang samahan kayong magsulat.
- Magkasama kayong maglaro ng mga laro tungkol sa salita, kagaya ng mga paghanap ng mga simpleng salita.

Ang isang batang may kapansanan ay karaniwang makikinabang sa magiliw na pakikipag-ugnayan at pagpapasigla na nangyayari kapag binabasaan ng kanyang mga paboritong kuwento at inaawitan ng isang pambatang tula. Kung ang iyong anak ay may kapansanan, susuportahan siya ng paaralan habang siya ay nakikisali sa mga gawaing nababagay sa kanyang kakayahan. Kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa mga naaangkop na kagamitan, kasangkapan at ideya na susuporta sa iyo at sa iyong anak.

Kung sakaling nagsasalita ng ibang wika o dyalekto ang iyong anak, kailangang mayroon siyang panahon upang marinig ang mga tunog ng wikang Ingles. Maaaring magtagal ng hanggang dalawang taon o higit pa para marinig at masabi niya ang lahat ng mga tunog na ito.

- Itanghal niyo ang mga sulat at drowing na linikha ng iyong anak. Sulatan sila ng mga maiikling sulat kagaya ng: *Masyado kitang ipinagmamalaki!*
- Gumamit kayo ng mga “magnetic alphabet letters” sa reprodyeretor o pisarang magnetiko. Tulungan niyo ang iyong anak na gumawa ng mga salita.
- Humanap ng mga salita sa bahay, kapag kayo ay gumagawa ng mga karaniwang gawain, habang kayo ay namamasyal at kapag kayo ay naglalakbay gaya ng mga nasa karatula at sa mga tindahan.
- Maglagay ng pantahanang pisarra at sulatan ng mga mensahe para sa iyong anak. Palakasin niyo ang kanyang loob na sumulat ng mga mensahe para sa iyo at mga ibang miyembro ng pamilya.
- Gamitin ang mga “junk mail”. Sabihin niyo sa iyong anak na:
 - bilugan ang mga salita na may mga natatanging titik gaya ng “m” at tunog gaya ng “sh”
 - salungguhitan ang lahat ng mga salitang may dalawang titik, may tatlong titik at saka iba pa
 - Bilangin niyo kung ilang ulit siya makakahanap ng natatanging salita gaya ng “the” – makakatulong itong kumilala sa mga karaniwang salita.

Isara ang telebisyon. Higit na madaling mag-ukol ng pag-iisip ang iyong anak kung walang mga nangangambala.



Department of
Education

**Matutunghayan ang marami pang
mga pahina ng pag-aaral sa tahanan
sa education.wa.edu.au**